# ANG PAMBANSA DEMOKRATIKONG PAARALAN

Ang Pambansang Demokratikong Paaralan (PADEPA) ay ang pampulitikang paaralang itinatayo sa hanay ng mga pambansa-demokratikong organisasyong masa o katumbas nito sa ligal. Ito ay may kwerpo ng mga instruktor na tuloy-tuloy na nagpapatupad ng edukasyon para sa masang kasapian ng mga organisasyong masa, nangangasiwa sa pagpapalaganap ng mga rebolusyonaryong babasahin, at pagpapasigla, pagtataguyod at pagpapalaganap ng rebolusyonaryong kultura.

Ipinapatupad nito ang kurikulum para sa edukasyong pampulitika na binalangkas ng Pambansang Kagawaran sa Edukasyon sa tulong ng Eskwelahang Primarya ng Partido at ang karagdagang mga paksa at pag-aaral na itinatakda ng mga komiteng rehiyon o mga pambansang organo.

Layunin ng Padepa na matiyak ang sustinido, masigla at malaganap na pag-aaral sa pambansa-demokratikong rebolusyon sa buhay na paraan, tuloy-tuloy na pagpapalaganap ng mga rebolusyonaryong babasahin at pagpapalaganap ng rebolusyonaryong kultura sa loob ng mga pambansa-demokratikong organisasyon at sa hanay ng mamamayan.

**Ang kurikulum ng Padepa**

Ang kurikulum ng Padepa ay mahahati sa limang mayor na kategorya:

* Pag-aaral sa lipunan at rebolusyong Pilipino
* Pag-aaral sa mga mayor na patakaran at programa ng rebolusyonaryong kilusan
* Pag-aaral sa mga isyung panlipunan at pambansa
* Pag-aaral sa Marxis-Leninismo-Kaisipang Mao Zedong
* Pag-aaral sa sari-saring kontrarebolusyonaryong ideya
* Pagpapalaganap ng rebolusyonaryong kultura

Mga pangunahing aklat/babasahin para sa Padepa LRP

- Makibaka Para sa Pambansang Demokrasya ni Jose Ma. Sison
- Lipunan at Rebolusyong Pilipino ni Amado Guerrero
- Tungkol sa Malapyudalismo ni Jose Ma. Sison
- Ang Rebolusyong Pilipino: Isang Pagtanaw Mula sa Loob ni Jose Ma. Sison
- Partikular na Katangian ng Digmang Bayan ni Amado Guerrero

Mga pangunahing aklat/babasahin para sa Padepa Paninindigan/patakaran

- Gabay sa Rebolusyonaryong Reporma sa Lupa
- Gabay sa Papapatayo ng Demokratikong Gobyernong Bayan
- Tungkol sa Usapin ng Kapayapaan
- Tungkol sa Usapin ng mga karapatan at hustisya

- Tungkol sa mga rebolusyonaryong kilusan sa hanay ng uring manggagawa, magsasaka, kabataan, kababaihan.
- Tungkol sa BHB
- Tungkol sa NDF
- Tungkol sa Pambansang Minorya
- Tungkol sa Gawaing Masa
- Tungkol sa Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto
- Manindigan Para sa Sosyalismo Laban sa Modernong Rebisyunismo

Padepa Isyung pangkasalukuyan
- Mga isyu sa pakikibakang agraryo
- Mga isyu sa kilusang paggawa
- Philippines 2000
- Mga kontrarebolusyonaryo, kontra-mamamayang iskema ng kasalukuyang reaksyunaryong rehimen
- Iba pang isyung sektoral at panlipunan
- Mga isyu ng Ang Bayan

Padepa MLKMZ
- Limang Gintong Silahis
- Linyang Pangmasa
- Ekonomyang Pampulitika
- Hinggil sa Kontradiksyon
- Hinggil sa Praktika
- Istorikong Materyalismo
- Karl Marx
- Estilo ng Pamumuno at Paggawa
- Pagpupunahan
- Manipesto ng Partido Komunista
- Partido
- Mga piling sulatin sa selebrasyon ng Ika-100 Taon ng kapanganakan ni Mao Zedong
- At iba pang itatakda

Padepa Anti-kontrarebolusyonaryo
- Paglalantad sa kontrarebolusyonaryong linya ng mga bagong kontrarebolusyonaryong taksil
- Paglalantad sa sari-saring petiburges at burges na kontra-rebolusyonaryong pananaw. Laban sa repormismo, popdemismo, ngo-ismo, socdemismo.
- Paglalantad sa imperyalistang linyang antikomunismo

Padepa Rebolusyonaryong kultrua
- Mga rebolusyonaryong awit, tula, maikling kwento, drama, at iba pang likhang-sining

**Ang sistema ng makinarya at pagpapaandar ng Padepa**

1. Ang bawat pambansang-demokratikong organisasyon o katumbas nito sa ligal ay nararapat magbuo ng kwerpo ng instruktor para sa Padepa na nagsisilbi na ring bag-as ng pangangasiwa sa pang-araw-araw na takbo ng Padepa.

Nararapat bigyan ng pagsasanay ang mga instruktor upang kumpyansang magampanan nila ang kanilang gawain.

2. Mag-organisa ng mga serye ng pag-aaral sa hanay ng kasapian nito na pumapatungkol sa limang kategorya ng pag-aaral.

3. Magpalaganap ng mga rebolusyonaryong babasahin at magparami ng mga ito kung kinakailangan. Maaring mag-organisa ng mga grupo para sa reproduksyon ng babasahin at pamamahagi ng mga ito.

4. Pangasiwaan ang pagtitipon ng pondo para sustentuhan ang mga pangangailangan sa edukasyon mula sa kontribusyon o pagbebenta ng mga babasahin.

Pangkalahatang Kalihiman
Nobyembre 1993